ISANG GABAY NG MAGULANG SA PAG-UNAWA

# Ang Mas Mahuhusay na Balanseng Pangkalahatang Assessment

Maraming paraan para sukatin ang kaalaman ng inyong anak. Gumagamit ang guro ng inyong anak ng mga marka ng report card, gawain sa silid-aralan, mga obserbasyon ng guro, at mga resulta ng pagsusulit sa buong estado sa pagtatapos ng taon upang makakuha ng kumpletong larawan ng pag-aaral ng iyong anak.

## Sino ang kumukuha ng mga pagsusulit na ito?

Kukunin ng lahat ng estudyanteng nasa baitang 3–8 at 11 ang mga pang-estadong pagsusulat sa wikang Ingles, sining, at matematika. Tinatawag na Smarter Balanced summative assessments ang mga pagsusulit na ito.



## Bakit kinukuha ng mga estudyante ang mga pagsusulit na ito?

Matutukoy ng pagsusulit kung saan mahusay ang inyong anak o kung saan siya nangangailangan ng dagdag na tulong, para mas masuportahan ninyo ang kaniyang pag-aaral sa bahay, at para mas masuportahan ng mga guro ang kaniyang pag-aaral sa silid-aralan.

## Kailan kinukuha ng mga estudyante ang mga pagsusulit na ito?

Pinipili ng bawat paaralan ang sarili nitong panahon ng pagbibigay ng pagsusulit sa tagsibol. Makakatanggap ka ng karagdagang impormasyon mula sa iyong paaralan tungkol sa mga tiyak na petsa at oras ng pagsusulit.

## Paano kinukuha ng mga estudyante ang mga pagsusulit na ito?

Kinukuha ang mga pagsusulit na ito sa isang computer na nagbibigay-daan sa inyong anak na maka-interact ang mga tanong sa iba't ibang paraan. Halimbawa, sa matematika, maaaring ipa-drag at ipa-drop sa inyong anak ang mga bagay mula sa isang lugar sa screen tungo sa iba, o gumuhit ng graph para malutas ang isang problema.

## Anong mga kagamitan ang mayroon?

Magkakaroon ng access ang inyong anak sa mga kagamitang kailangan nila habang kinukuha ang pagsusulit, gaya ng calculator sa baitang 6–8 at 11, talahulunganan, o highlighter. Makakatulong ang mga kagamitang ito na ma-access nang mas maayos ng inyong anak ang pagsusulit, at hindi ito makakaapekto sa mga score sa anumang paraan. Pwede kayong makipag-usap sa guro ng inyong anak tungkol sa iba pang mga kagamitang maaaring makatulong sa inyong anak.

## Paano ko matutulungan ang aking anak?

- Ipaalala sa inyong anak na gusto ninyo ng kaniyang guro na gawin niya ang buo niyang makakaya, at nariyan kayo para tulungan siya sa bawat hakbang.
- Bisitahin ang website ng Starting Smarter sa https://ca.startingsmarter.org para mas maunawaan ang Mga Student Score Report, makita ang mga halimbawang tanong, at ma-access ang mga mapagkukunan ng impormasyon upang masuportahan ang pagkatuto ng inyong anak.
- Kumuha ng isang pagsasanay na pagsusulit kasama ang inyong anak sa https://www.caaspp.org/practice-and-training/index.html.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga marka ng inyong anak, makipag-ugnayan sa guro ng inyong anak at/o sa tanggapan ng paaralan.

Hulyo 2024